

Tamang Mga Mapagkukunang para sa Salapi Masikap na Pagsusumikap

“17 Ganito ang sabi ng Panginoon, ng inyong Manunubos, ng Banal ng Israel, Ako ang PANGINOON mong Dios, na nagtuturo sa iyo ng mapapakinabangan, na pumapatnubay sa iyo sa daan na iyong marapat na lakaran.” (Isaias 48:17 KJV)

Ang Salita ng Dios sa Bibliya ay nagtuturo sa atin ng tamang daan at ang maling daan upang kumita ng salapi. Kailangan nating malaman ang katotohanan upang tayo ay makasunod dito at maiwasan ang maling paraan ng paghawak sa mga usaping pera na nagdudulot ng problema at abala sa ating buhay. Ang mga tamang paraan ng pangongolekta ng pera ay nakalista sa ibaba:

I. Paqsisikap gamit ang ating sariling mga kamay: “28 Ang nagnanakaw ay huwag nang magnakaw pa: bagkus magpagal, na igawa ang kaniyang mga kamay ng mabuting bagay, upang siya'y may maibigay sa nangangailangan.” (Epeso 4:28 KJV) Binigyan ng Dios ang bawat tao ng mga kamay at paa pati na rin ng mga talento. Kaya ang payo rito ay dapat tigilan ng bawat tao ang pagiging tamad at ang pagnanakaw, maghanap ng trabaho, at gamitin ang kanyang mga kamay at talento upang gumawa ng bagay na kapaki-pakinabang upang siya ay makapaglaan para sa kanyang sarili pati na rin makatipid upang maibahagi sa iba ang pagpapala ng Dios. Dapat tigilan ng bawat tao ang pagiging negatibo at ang pagtingin sa sarili bilang isang kabiguan at magpatuloy nang may positibong pananaw at maging produktibo sa kanyang ambag sa mga tao na nilagay siya ng Panginoon. Ang Bibliya ay hindi lamang nagsasalita tungkol sa kapangyarihan na magkaroon ng kayamanan ngunit nagsasalita rin tungkol sa pagsusumikap at hirap na pagtatrabaho. Binigyan ng Dios si Adam ng tungkulin na alagaan at pagandahin ang Halamanan ng Eden at panatilihin ito. ***“15 At kinuha ng PANGINOONG Dios ang lalake at inilagay sa halamanan ng Eden, upang kaniyang alagaan at ingatan.” (Genesis 2:15 KJV)*** Matapos mahulog si Adam sa kasalanan sinabi ng Dios sa kanya ang sumusunod: ***“17 At kay Adam ay sinabi, Sapagka't iyong dininig ang tinig ng iyong asawa, at kumain ka ng bunga ng punong kahoy na aking iniutos sa iyo na sinabi, Huwag kang kakain niyaon; sumpain ang lupa dahil sa iyo; kakain ka sa kaniya sa pamamagitan ng iyong pagpapagal sa lahat ng mga araw ng iyong buhay: 18 Ang isisibol niyaon sa iyo ay mga tinik at mga dawag; at kakain ka ng pananim sa parang; 19 Sa pawis ng iyong mukha ay kakain ka ng tinapay, hanggang sa ikaw ay mauwi sa lupa; sapagka't diyan ka kinuha: sapagka't ikaw ay alabok at sa alabok ka uuwi.” (Genesis 3:17-19 KJV)*** Ang tao ay kakain mula sa mabigat na paggawa ng kanyang mga kamay. Nakakamit natin ang ating pera at kita sa pamamagitan ng pagsusumikap. Habang sumusunod tayo kay Cristo, tinitingnan ang Kanyang Salita at nagpapasakop sa Kanyang kalooban, kahit sa kabila ng lahat ng mabigat na paggawa, mararanasan natin ang kagalakan at kaginhawahan.

Maaaring magtanong ang ilang tao kung paano posible na makalikha ng kayamanan sa kanilang kaunting kita mula sa simpleng trabaho at mabuhay nang maayos. Ipinapaalala lamang sa atin ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa bayan ng Dios na nagkaroon ng simpleng trabaho at kumita ng mababang kita at kung paanong sila pinayaman ng Dios at pinahintulutan silang maging dakila at gumawa ng dakilang mga bagay. Si Abraham ay naging pastol, ngunit pinayaman siya ng Dios. Si David ay nagsimula bilang pastol, ngunit ginawa siyang mayamang hari ng Dios. Maraming mayayamang tao ang nagsimula sa pinakailalim na baitang ng hagdan ng kayamanan at umakyat sa tulong ng Dios. Sila'y nagkaroon ng simpleng posisyon na kumikita ng kaunting pera. Ang ating propesyon, ganun pa man gaano man ito kaliit o kasimple, ay hindi hahadlang sa atin na makamit ang kayamanan. Kailangan nating sundin ang Salita ng Dios at ang Kanyang mga tuntunin tungkol sa pananalapi upang makalikha ng kayamanan.

Habang sinusunod natin ang mga Kasulatan sa Bibliya, makikita natin na ang bayan ng Dios ay nagsasagawa ng iba't ibang uri ng trabaho.

Si Cain ay nagtrabaho bilang isang magbubukid, at si Abel ay nagtrabaho bilang isang pastol. ***“2 At si Abel ay tagapagalaga ng mga tupa; datapuwa't si Cain ay mangbubukid ng lupa.” (Genesis 4:2 KJV)***

Si Noe matapos ang baha ay naging magbubukid. ***“20 At nagpasimula si Noe na maging mangbubukid, at naglagay ng isang ubasan.” (Genesis 9:20 KJV)***

Si Abraham at si Lot ay pastor. ***“7 At nagkaroon ng pagtatalo ang mga pastor ng hayop ni Abram at ang mga pastor ng hayop ni Lot; at ang Cananeo at ang Pherezeo ay naninirahan noon sa lupain.” (Genesis 13:7 KJV)***

Si Ismael ay nagtrabaho bilang mamamana. ***“20 At ang Dios ay sumabata, at siya'y lumaki; at tumahan sa ilang at naging mamamana.” (Genesis 21:20 KJV)***

Si Isaac ay nagtrabaho bilang isang magsasaka. ***“12 At si Isaac ay naghasik sa lupaing yaon, at umani siya ng taong yaon, ng tigisang daan at pinagpala siya ng PANGINOON.” (Genesis 26:12 KJV)***

Si Esau ay nagtrabaho bilang isang mangangaso. ***“27 At nagsilaki ang mga bata; at si Esau ay naging maliksi sa pangangaso, lalake sa parang; at si Jacob ay lalaking tahimik, na tumatahan sa mga tolda.” (Genesis 25:27 KJV)***

Si Raquel ay isang tagapagdala ng mga tupa. ***“6 At sinabi niya sa kanila, Siya ba'y mabuti? At, kanilang sinabi, Siya'y mabuti: at, narito, si Raquel na kaniyang anak ay dumarating na dala ang mga tupa.” (Genesis 29:6 KJV)***

Si Jacob ay nagtrabaho bilang pastol. ***“38 Ako'y natira sa iyo nitong dalawang pung taon: ang iyong mga babaing tupa, at ang iyong mga babaing kambing ay hindi nawalan ng kanilang mga anak, at ang mga tupang lalake ng iyong kawan ay hindi ko kinain. 39 Ang nilapa ng mga ganid ay hindi ko dinala sa iyo; ako ang nagbata ng kawalan; sa aking kamay mo hiningi, maging nanakaw sa araw, o nanakaw sa gabi. 40 Ganito nakaraan ako; sa araw ay pinupugnaw ako ng init, at ng lamig sa gabi; at ang pagaantok ay tumatakas sa aking mga mata. 41 Nitong dalawang pung taon ay natira ako sa iyong bahay; pinaglingkuran kitang labing apat na taon dahil sa iyong dalawang anak, at anim na taon dahil sa iyong kawan: at binago mo ang aking kaupahan na makasangpu.” (Genesis 31:38-41 KJV)***

Ang mga anak ni Jacob ay mga nagpapastol. ***“2 Ito ang lahi ni Jacob. Si Jose, na may labing pitong taon, ay nagpapastol ng kawan na kasama ng kaniyang mga kapatid; at siya'y batang kasamahan ng mga anak ni Bilha at ng mga anak ni Zilpa, na mga asawa ng kaniyang ama; at ibinalita ni Jose sa kanilang ama ang kasamaan nila. Ito ang lahi ni Jacob. Si Jose, na may labing pitong taon, ay nagpapastol ng kawan na kasama ng kaniyang mga kapatid; at siya'y batang kasamahan ng mga anak ni Bilha at ng mga anak ni Zilpa, na mga asawa ng kaniyang ama; at ibinalita ni Jose sa kanilang ama ang kasamaan nila.” (Genesis 37:2 KJV)***

Si Jose matapos siyang ipagbili ng kanyang mga kapatid ay nagtrabaho bilang alipin ni Potiphar sa bahay at pagkatapos ay itinaguyod upang maging isang tagapamahala. ***“4 At nakasumpong si Jose ng biyaya sa kaniyang paningin, at pinaglingkuran niya siya: at sa kaniya'y ipinamahala niya ang bahay, at ang lahat niyang tinatangkilik ay isinakaniyang kamay.” (Genesis 39:4 KJV)*** Sa bilangguan, si Joseph ang namamahala sa mga bilanggo. ***“22 At ipinamahala ng katiwala sa bilangguan sa mga kamay ni Jose ang lahat na mga bilanggo na nasa bilanguan; at ang lahat ng ginagawa roon ay siya ang gumagawa.” (Genesis 39:22 KJV)*** Patuloy na namahala si Jose sa mga bilanggo hanggang siya ay nakalaya sa bilanguan at naging pangalawa sa pamumuno sa Egipto pagkatapos ni Faraon. ***“39 At sinabi ni Faraon kay Jose, Yamang ipinabatid sa iyo ng Dios: ang lahat ng ito, ay walang matalino o pantas na gaya mo: 40 Ikaw ay magpupuno sa aking bahay, at ayon sa iyong salita ay pamamahalaan mo ang aking buong bayan: sa luklukang hari lamang magiging mataas ako sa iyo.” (Genesis 41:39-40 KJV)***

Noong una, ang mga Israelita sa Egipto at nagtrabaho bilang mga pastol. ***“6 Ang lupain ng Egipto ay nasa harap mo; sa pinakamabuti sa lupain ay patirahin mo ang iyong ama at ang iyong mga kapatid; sa lupain ng Gosen patirahin mo sila: at kung may nakikilala kang mga matalinong lalake sa kanila, ay papamahalaan mo sa aking hayop.” (Genesis 47:6 KJV)*** Pagkalipas ng panahon, sila'y tagpagpaatag at nagtayo ng mga bayan. ***“11 Kaya't nangaglagay sila ng mga tagapagpaatag, upang dalamhatiin sila sa atang sa kanila. At kanilang ipinagtayo si Faraon ng mga bayan na kamaligan, na dili iba't ang Phithom at Raamses.” (Exodu 1:11 KJV)***

Si Moises, matapos niyang iwan si Faraon, ay nagtrabaho bilang pastol sa Midian para sa kanyang biyenan hanggang tawagin siya ng Dios na pamunuan ang Kanyang bayan, ***“1 Inalagaan nga ni Moises ang kawan ni Jethro na kaniyang biyanan, na saserdote sa Midian: at kaniyang pinatnubayan ang kawan sa likuran ng ilang, at napasa bundok ng Dios, sa Horeb.” (Exodu 3:1 KJV)***

Si Ruth ay nagtrabaho bilang mamulot ng natitirang uhay, at si Boaz ay isang magsasaka at may-ari ng bukid. ***“2 At sinabi ni Ruth na Moabita kay Noemi, Paparoonin mo ako ngayon sa bukid, at mamulot ng mga uhay sa likuran niyaong aking kasumpungan ng biyaya sa paningin. At sinabi niya sa kaniya, Yumaon ka, anak ko. 3 At siya'y yumaon at naparoon, at namulot sa bukid sa likuran ng mga mangaani: at nagkataong dumating sa bahagi ng lupa na nauukol kay Booz, na sa angkan ni Elimelech.” (Ruth 2:2-3 KJV)***

Si David ay isang pastol. ***“11 At sinabi ni Samuel kay Isai, Narito ba ang iyong lahat na anak? At kaniyang sinabi, Natitira pa ang bunso, at, narito, siya'y nag-aalaga sa mga tupa. At sinabi ni Samuel kay Isai, Ipasundo mo siya; sapagka't hindi tayo uupo hanggang sa siya'y dumating dito.” (1 Samuel 16:11 KJV)***

Si Nehemias ay isang tagahawak ng saro. *“(Ngayo'y tagahawak ako ng saro ng hari.)” (Nehemias 1:11 KJV)*

Si Daniel ay isang pangulo sa ilalim ni Darius na hari. *“At sa kanila'y tatlong pangulo, na si Daniel ay isa; upang ang mga satrapang ito ay mangagbigay-alam sa kanila, at upang ang hari ay huwag magkaroon ng kapanganiban.” (Daniel 6:2 KJV)*

Si Amos ay isang pastor at maggagawa sa puno ng sikomoro. *“14 Nang magkagayo'y sumagot si Amos, at nagsabi kay Amasias, Ako'y hindi propeta, o anak man ng propeta; kundi ako'y pastor, at manggagawa sa mga puno ng sikomoro.” (Amos 7:14 KJV)*

Si Jesus ay isang karpentero. *“3 Hindi бага ito ang anluwagi, ang anak ni Maria, at kapatid ni Santiago, at ni Jose, at ni Judas, at ni Simon? at hindi бага nangaririto sa atin ang kaniyang mga kapatid na babae? At siya'y kinatititsuran nila.” (Marco 6:3 KJV)*

Si Simon Pedro at Andres na kanyang kapatid ay mga mangingisda. *“18 At sa paglalakad niya sa tabi ng dagat ng Galilea; ay nakita niya ang dalawang magkapatid, si Simon na tinatawag na Pedro, at si Andres na kaniyang kapatid, na inihuhulog ang isang lambat sa dagat; sapagka't sila'y mga mamamalakaya.” (Mateo 4:18 KJV)*

Si Mateo ay isang maniningil ng buwis. *“9 At pagdaraan doon ni Jesus, ay nakita niya ang isang tao, na kung tawagi'y Mateo, na nakaupo sa paningilan ng buwis: at sinabi niya sa kaniya, Sumunod ka sa akin. At siya'y nagtingid, at sumunod sa kaniya.” (Mateo 9:9 KJV)*

Si Pablo, Aquila, at Priscila ay mga gumagawa ng tolda. *“1 Pagkatapos ng mga bagay na ito'y umalis siya sa Atenas, at napasa Corinto. 2 At nasumpungan niya ang isang Judio na nagngangalang Aquila, isang lalaking tubo sa Ponto, na hindi pa nalalaong nanggagaling sa Italia, kasama ni Priscila na kaniyang asawa, sapagka't ipinagutos ni Claudio na ang lahat ng mga Judio ay magsialis sa Roma: at siya'y lumapit sa kanila; 3 At sapagka't ang hanap-buhay niya'y gaya rin ng kanila, ay nakipanuluyan siya sa kanila, at sila'y nagsigawa: sapagka't ang hanap-buhay nila'y gumawa ng mga tolda.” (Mga Gawa 18:1-3 KJV) “34 Nalalaman din ninyo na ang mga kamay na ito ay nangaglilingkod sa mga kinakailangan ko, at sa aking mga kasamahan.” (Mga Gawa 20:34 KJV) Sila'y nagtrabaho at nagbigay para sa mga pangangailangan ng kanilang mga ministeryo mula sa Dios.*

Si Lucas ay isang manggagamot. *“14 Binabati kayo ni Lucas, ang minamahal na manggagamot,” (Colosas 4:14 KJV)*

Maraming tao ang tumatangging tumanggap ng trabaho na nagbibigay lamang ng kakaunting kita o trabahong mahirap. Halimbawa na lamang si Jacob na masipag at tapat na nagtrabaho kahit siya ay dinaya at inabuso ng kanyang amo.

Nagsimula si Jacob sa kanyang trabaho na walang-wala, ngunit nagsikap siya upang mabuhay ang kanyang pamilya at makapag-ipon para sa kanyang sarili. Nagtrabaho siya sa loob ng dalawampung taon.

Si Jacob ay dinaya ng sampung beses ng kanyang tiyuhin at amo na si Laban, ngunit nakita ng Dios ang kanyang paghihirap, binigyang katuwiran siya at ibinalik sa kanya ang lahat ng nawala sa kanya.

“1 At narinig ni Jacob ang mga salita ng mga anak ni Laban, na nagsisipagsabi, Kinuha ni Jacob ang lahat ng sa ating ama; at doon sa mga sa ating ama ay tinamo niya ang buong karangalang ito. 2 At minasdan ni Jacob ang mukha ni Laban, at narito't hindi sumasa kaniyang gaya ng dati. 3 At sinabi ng PANGINOON kay Jacob, Magbalik ka sa lupain ng iyong mga magulang, at sa iyong kamaganakan; at ako'y sasaiyo. 4 At si Jacob ay nagsugo at tinawag si Raquel at si Lea sa bukid, sa kaniyang Kawan, 5 At sinabi sa kanila, Nakikita ko ang mukha ng inyong ama, na hindi sumasaakin na gaya ng dati; datapuwa't ang Dios ng aking ama ay sumaakin. 6 At nalalaman ninyo, na ang aking buong lakas ay ipinaglingkod ko sa inyong ama. 7 At dinaya ako ng inyong ama, at binagong makasangpu ang aking kaupahan; datapuwa't hindi pinahintulutan siya ng Dios, na gawan ako ng masama. 8 Kung kaniyang sinabing ganito, Ang mga may batik ang magiging kaupahan mo; kung magkagayo'y nanganganak ang lahat ng kawan ng mga may batik: at kung kaniyang sinabing ganito, Ang mga may guhit ang magiging kaupahan mo; kung magkagayo'y ang lahat ng kawan ay manganganak ng mga may guhit. 9 Ganito inalis ng Dios ang mga hayop ng inyong ama, at ibinigay sa akin. 10 At nangyari, na sa panahong ang kawan ay naglililihi, ay itiningin ko ang aking mga mata, at nakita ko sa panaginip, at narito, ang mga kambing na lalake na nakatakip sa kawan ay mga may guhit, may batik at may dungis. 11 At sinabi sa akin ng anghel ng Dios, sa panaginip, Jacob: at sinabi ko, Narito ako. 12 At kaniyang sinabi, Itingin mo ngayon ang iyong mga mata, tingnan mo na ang lahat ng kambing na natatakip sa kawan ay may guhit, may batik at may dungis: sapagka't aking nakita ang lahat na ginagawa sa iyo ni Laban. 13 Ako ang Dios ng Betel, na doon mo pinahiran ng langis ang batong pinakaalaala, at doon ka gumawa ng

panata sa akin: ngayo'y tumindig ka, umalis ka sa lupaing ito, at bumalik ka sa lupaing pinanganakan sa iyo. 14 At nagsisagot si Raquel at si Lea, at sa kaniya'y sinabi, Mayroon pa ba kaming natitirang bahagi o mana sa bahay ng aming ama? 15 Hindi ba inaari niya kaming taga ibang bayan? sapagka't ipinagbili niya kami at kaniyang lubos nang kinain ang aming halaga. 16 Sapagka't ang buong kayamanang inalis ng Dios sa aming ama, ay amin yaon at sa aming mga anak: ngayon nga, gawin mo ang lahat ng sinabi sa iyo ng Dios. 17 Nang magkagayo'y tumindig si Jacob, at pinasakay sa mga kamello ang kaniyang mga anak at ang kaniyang mga asawa; 18 At dinala ang kaniyang lahat na hayop, at ang kaniyang buong pag-aaring tinipon, ang hayop na kaniyang napakinabang, na kaniyang tinipon, sa Padan-aram, upang pumaroon kay Isaac na kaniyang ama, sa lupain ng Canaan.” (Genesis 31:1-18 KJV)

Sinundan ni Laban si Jacob, ngunit iniligtas siya ng Dios at pinagtanggol laban kay Laban at sa kanyang mga anak, at binigyan siya ng kalamangan at pinatotohanan siya sa kanilang harapan.

“36 At naginit si Jacob at nakipagtalo kay Laban, at sumagot si Jacob, at sinabi kay Laban, Ano ang aking sinalangang at ang aking kasalanan, upang ako'y habulin mong may pagiinit? 37 Yamang inapuhap mo ang lahat ng aking kasangkapan, anong nasumpungan mong kasangkapan, ng iyong bahay? Ilagay mo rito sa harap ng aking mga kapatid at ng iyong mga kapatid, upang hatulan nila tayong dalawa. 38 Ako'y natira sa iyo nitong dalawang pung taon: ang iyong mga babaing tupa, at ang iyong mga babaing kambing ay hindi nawalan ng kanilang mga anak, at ang mga tupang lalake ng iyong kawan ay hindi ko kinain. 39 Ang nilapa ng mga ganid ay hindi ko dinala sa iyo; ako ang nagbata ng kawalan; sa aking kamay mo hiningi, maging nanakaw sa araw, o nanakaw sa gabi. 40 Ganito nakaraan ako; sa araw ay pinupugnaw ako ng init, at ng lamig sa gabi; at ang pagaantok ay tumatakas sa aking mga mata. 41 Nitong dalawang pung taon ay natira ako sa iyong bahay; pinaglingkuran kitang labing apat na taon dahil sa iyong dalawang anak, at anim na taon dahil sa iyong kawan: at binago mo ang aking kaupahan na makasangpu. 42 Kung hindi sumaakin ang Dios ng aking ama, ang Dios ni Abraham, at ang Katakutan ni Isaac, ay walang pagsalang palalaysin mo ako ngayong walang dala. Nakita ng Dios ang aking kapighatian, ang kapaguran ng aking mga kamay, at sinaway ka niya kagabi.” (Genesis 31:36-42 KJV)

Matutunan natin ang sumusunod na mga katotohanan mula sa halimbawa ni Jacob at ang dahilan kung bakit pinagpala siya ng Dios:

A. Si Jacob ay nagtrabaho ng buong lakas niya: *“6 At nalalaman ninyo, na ang aking buong lakas ay ipinaglingkod ko sa inyong ama.” (Genesis 31:6 KJV)* Naglingkod si Jacob kay Laban nang buong lakas. Nakita ng Dios ang lawak ng pagsusumikap ni Jacob sa kanyang paglilingkod kay Laban. Kaya, kinuha ng Dios ng katarungan mula kay Laban at ibinigay kay Jacob. Kapag naglilingkod tayo nang buong lakas, pinahahalagahan iyon ng Dios at gagantimpalaan tayo ayon sa lawak ng ating pagsisikap sa paglilingkod. Ibinigay ng Dios kay Jacob batay sa gawa ng kanyang mga kamay. Kung hindi nagtrabaho nang mabuti si Jacob, saan kaya kukunin ng Dios ang bagay na iyon sa kanya? Hindi kukunin ng Dios ang bunga ng gawa ng ibang tao at ibigay kay Jacob. **Kaya, upang kumilos ang Dios para sa atin, kailangan nating magtrabaho at maglingkod nang buong lakas. Kahit na tayo ay niloloko, inaabuso, o sinasamantala ng ibang tao, kailangan nating magsikap at magtiis sa ating trabaho. Pagkatapos, kukunin ng Diyos ang mga biyaya mula sa ating mga manloloko at ibibigay ito sa atin.**

B. Si Jacob ay tapat at hindi nandaya: Bagaman siya'y dinay ni Laban at habang nagtatrabaho sa ilalim ng mahihirap na kalagayan, hindi siya nandaya. Pinanatili niya ang kanyang integridad at matiising tinanggap ang lahat ng pagkawala. Ang itinanim ni Jacob, iyon ang kanyang anihin. Siya ay tapat at siya ay nag-ani ng masaganang biyaya. Si Laban ay nandaya kaya't kinuha ng Dios mula sa kanya at ibinigay kay Jacob. *“7 Huwag kayong padaya; ang Dios ay hindi napabibiro: sapagka't ang lahat na ihasik ng tao, ay siya namang aanihin niya. 8 Sapagka't ang naghahasik ng sa kaniyang sariling laman ay sa laman magaani ng kasiraan; datapuwa't ang naghahasik ng sa Espiritu ay sa Espiritu magaani ng buhay na walang hanggan.” (Galacia 6:7-8 KJV)* **Kaya upang kumilos ang Dios para sa atin, dapat tayong laging maging tapat at huwag mandaya kahit pa dayain tayo ng iba, bilang pagsunod sa Salita at utos ng Dios. “9 Iaral mo sa mga alipin na sila'y pasakop sa kanikaniyang panginoon, at kanilang kalugdan sa lahat ng mga bagay; at huwag mga masagutin; 10 Huwag mangagdaya, kundi mangagpakita ng buong buting pagtatapat; upang pamutihan sa lahat ng mga bagay ang aral ng Dios na ating Tagapagligtas.” (Tito 2:9-10 KJV)**

C. Pinanatili ni Jacob ang kanyang tipan sa Dios na nagpakita sa kanya sa Betel: *“13 Ako ang Dios ng Betel, na doon mo pinahiran ng langis ang batong pinakaalaala, at doon ka gumawa ng panata sa akin: ngayo'y tumindig ka, umalis ka sa lupaing ito, at bumalik ka sa lupaing pinanganakan sa iyo.” (Genesis 31:13 KJV)* Nakipagtipan si Jacob sa Dios sa pamamagitan ng pagbibigay ng kanyang buhay sa Kanya, kinikilala ang Betel bilang bahay ng Dios at iniaalay sa Kanya ang kanyang mga ikapu. *“20 At si Jacob ay nagpanata, na sinasabi, Kung sasaakin ang Dios, at ako'y iingat sa daang ito na aking nilalakaran, at ako'y bibigyan ng tinapay na makakain, at damit na maisusuot, 21 Na ano pa't ako'y makabalik na payapa*

sa bahay ng aking ama, ay ang PANGINOON nga ang magiging aking Dios, 22 At ang batong ito na aking itinayo na pinakaalaala ay magiging bahay ng Dios; at sa lahat ng ibigay mo sa akin ay walang pagsalang ang ikasangpung bahagi ay ibibigay ko sa iyo.” (Genesis 28:20-22 KJV) Kapag ipinangako natin ang ating sarili sa Dios sa parehong paraan katulad ni Jacob, tutulungan at aalayan tayo ng Panginoon sa ating mga gawain at Siya ang haharap sa mga taong nagtatangkang mandaya at mang abuso sa atin. Ililigtas Niya tayo at ibibigay sa atin ang kanilang kayamanan.

D. Nagtiis at pinanatili ni Jacob ang parehong antas ng pangako hanggang sa panahon na ipinadala siya pabalik ng Dios sa kanyang tahanan: Nagtrabaho siya sa ilalim ni Laban ng dalawampung taon at tiniyak na natupad niya ang kanyang mga pangako. *“9 At huwag tayong mangapagod sa paggawa ng mabuti: sapagka't sa kapanahunan ay magsisipagani tayo, kung hindi tayo manganghihimagod.” (Galacia 6:9 KJV) Kaya, tatanggapin natin ang ani ng Dios at magkakaroon tayo ng marami atagan kung hindi tayo masasawa sa paggawa ng mabuti at magpapatuloy hanggang sa katapusan.*

Sa aking mahal at minamahal: * Mula sa iba't ibang uri ng trabaho na binanggit sa mensahe at mula sa halimbawa ni Jacob, maaari nating pagpasyahan na anuman ang uri ng trabahong ating ginagawa at anuman ang ating kinikita, kailangan nating magtrabaho nang tapat, ibigay ang ating pinakamahasag, at tiyak na pagpapalain ng Dios ang gawa ng ating mga kamay at padamihin ang ating kinikita. * Hindi kinakailangan na kailangan nating magkaroon ng malalaking trabaho at kumita ng mataas na kita upang maging maayos ang ating pinansyal na kalagayan. * Ngunit nakasalalay ito sa ating pagsunod sa utos ng Dios na magtrabaho at magsikap nang tapat at matapat upang Siya ay mapasaya. * Ang Dios ang nagpapala sa ating kita at sa gawa ng ating mga kamay; kaya't kailangan nating magkaroon ng tamang pag-uugali habang nagtatrabaho at lubos na magtiwala sa Kanya na Kanyang pagpalain tayo.

Manalangin tayo...

Aking Panalangin: Ama Dios, Ako'y lumalapit sa Iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa Iyong Salita at sa aral na aking natanggap sa mensaheng ito. Panginoon, salamat sa uri ng trabaho at ang kita na inilagay Mo sa aking mga kamay. Panginoon, pinasasalamatann kita sa mga pagtutuwid at mga paalala na aking natanggap sa mensaheng ito. Panginoon, salamat sa halimbawa ni Jacob at kung paano siya nagtiyaga sa kanyang trabaho upang sumunod sa Iyo at gawin ang Iyong kalooban.

Magsisi ka at itakwil ang lahat ng iyong mga kasalanan. Itakwil mo ang iyong katamaran, pagnanakaw, pagsasamantala sa iba, at ang iyong hindi pagnanais na magsumikap. Ipagtapat at itakwil mo ang iyong kayabangan at ang iyong hindi pagnanais na gawin ang ilang gawain. Ipagtapat at itakwil mo ang pagiging hindi tapat at hindi maaasahan sa iyong pinagtatrabahuhan. Ipagtapat at itakwil mo ang walang katapatan sa Dios sa usapin ng ikapu at pagbibigay ng nararapat sa Kanya. Ipagtapat mo ang iyong hindi pagnanais na sundin ang Kanyang kalooban at ang plano na Kanyang inilaan para sa iyo. Magsisi ka sa iyong hindi pagnanais na magdusa para kay Cristo at paglingkuran Siya. Panginoon, ako ay nagsisisi at itinatakwil ang mga sumusunod na kasalanan _____.

Panginoon, ipinangako ko ang aking sarili na mabuhay at magtrabaho ayon sa mga tuntuning aming pinag-aralan sa mensaheng ito. Panginoon, magiging kuntento ako sa uri ng trabaho at kita na mayroon ako. Panginoon, ipinangako ko ang aking sarili na maging tapat, matapat at magtiis sa aking trabaho. Panginoon, ipinangako ko ang aking sarili na magbigay ng ikapu ng aking kita sa Iyo. Panginoon, tulungan Mo akong magtiyaga sa mga bagay na aking ipinangakong gawin. Panginoon, tugunan Mo ang aking mga pangangailangan, suportahan ako at bigyan ng mabuting kalusugan upang magampanan ko nang maayos ang aking trabaho.

Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na nagsisisi sa kanilang mga kasalanan at handang sundin ang Iyong Salita at ilapat sa kanilang mga gawain at trabaho na inilagay Mo sa kanila. Panginoon, tulungan Mo sila sa kanilang trabaho at gamitin ang kanilang buhay upang maging mabuting patotoo sa iba na sumunod sa Iyo. Panginoon, protektahan Mo sila at tugunan ang lahat ng kanilang pangangailangan upang patuloy silang makapaglingkod sa Iyo.

Panginoon, pagpalain mo kami bilang isang simbahan at tulungan mo kaming ipagpatuloy ang pagtuturo ng Iyong Salita at tulungan ang Iyong bayan na isagawa ito sa kanilang mga buhay. Panginoon, tulungan mo kaming makapagbunga pa ng higit ng bunga ng Banal na Espiritu: pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, kahinahunan, kabutihan, kababaang-loob, pananampalataya, pagtiyaga, pagpipigil sa sarili, at pagtiitiis. Panginoon, puspusin mo kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga Espirituwal na kaloob na kailangan namin sa aming buhay upang makapagpatuloy at mangaral, gumawa ng mga bagong disipulo, at sanayin ang mga bagong manggagawa upang pumunta at magtayo ng mas maraming pag-aaral sa Bibliya at

kongregasyon para sa simbahan. Panginoon, dalangin namin na mas maraming tao ang mabautismuhan sa tubig at matanggap ang bautismo sa Banal na Espiritu. Panginoon, ihanda kami para sa Iyong pagdating upang sumama sa Iyo pagdating mo. Panginoon tuparin nawa ng ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios." Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAE AACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com